
# Project EASE

## ARALING PANLIPUNAN I




## MODYUL 22
## ANG PAMBANSANG BADYET

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City




# MODYUL 22

## ANG PAMBANSANG BADYET

**"Tubig. Kuryente, Pagkain, Renta sa Bahay, Tuition, Damit, Gamot . . . . . Daming pagkakagastusan, konti ang kita. Paano kaya naiba-BADYET ng maayos ni Juan Dela Cruz ang kakaunti niyang kinikita sa dami nang bayarin?"**

Sa modyul na ito, pagtutuunan naman natin ng ibayong pansin ang pag-aaral ng Pambansang Badyet, ang mga pinagkukunan ng kita ng pamahalaan, ang proseso ng pagba-badyet, at mga iba pang detalye na may malaking kinalaman sa paglalaan ng pamahalaan ng sapat na halaga sa iba't ibang gastusin nito.

Ang mga paksang ng aralin sa modyul na ito ay ang mga sumusunod:

- Aralin 1: Ano ang Badyet at ang Pinagkukunan Nito
- Aralin 2: Ang Proseso ng Pampublikong Pagbabadyet
- Aralin 3: Ang Balangkas ng Badyet ng Pilipinas

Inaasahang na magagawa mo ang mga sumusunod pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul na ito:

1. Maibibigay ang kahulugan ng pambansang badyet;
2. Maipapaliwanag ang pinanggagalingan ng pondo ng pamahalaan;
3. Masusuri ang pinagkakagastahan ng pamahalaan; at
4. Maipaliliwanag kung paano ang pangangalaga ng pamahalaan sa pananalapi ng bayan.

Handa ka na marahil upang pag-aralan ang modyul. Maaari mo nang sagutin ang panimulang pagsusulit.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

Panuto: Isulat sa sagutang papel o kuwaderno ang titik ng tamang sagot.

_____1. Kagawaran ng Pamahalaan na nangunguna sa pagpaplano ng taunang badyet ng Pilipinas.

A. Kagawaran ng Pananalapi
B. Kagawaran ng Badyet
C. Kagawaran ng Agrikultura
D. Bangko Sentral ng Pilipinas

_____ 2. Paglalahad ng kita at paggugugulan ng pamahalaan sa takdang panahon:

*A. Deficit*
B. Buwis
C. Badyet
*D. Ad Valorem*

_____ 3. Sa sistemang ito ng Pagbubuwis, ang pagtaas ng kita ng mamamayan ang basehan ng mataas na buwis:

A. Proporsyunal
B. Regresibo
C. Progresibo
D. Di-progresibo

_____ 4. Pantay na pagsingil ng buwis at di alintana ang dami, halaga o klasipikasyon ng produkto o serbisyong binubuwisan:

A. Ispesipiko
B. Di-ispesipiko
C. *Ad Valorem*
D. Nasyonal

______ 5. Sistema ng pagbubuwis na ang pagtaas ng kita ang magdudulot ng mas mababang buwis:

A. Regresibo
B. Progresibo
C. Proporsyunal
D. Lokal

______ 6. Uri ng badyet na nagpapahayag ng mga aytem na pinagkakagastahan:

*A. Performance Budget*
*B. Performance Expenses*
*C. Line Expenses*
*D. Line budget*

______7. Panukalang batas na siyang naglalaman ng pangkalahatang badyet ng Pilipinas na siyang ipinapasa taun-taon.

*A. Family Badyet*
*B. General Money Provision*
*C. General Appropriatons Act*
*D. General Act of Inappropriation*

______ 8. Buwis na ipinapataw sa mamamayan sa paggamit nila ng serbisyo.

A. Excise Tax
B. Exercise Tax
C. Property tax
D. Personal tax

______ 9. Buwis na ipinapataw sa kita ng mamamayan ng tuwiran.

A. Indirekta
B. Di-direkta
C. Ispesipiko
D. Direkta

______ 10. Badyet na inilalaan ng pamahalaan ayon sa buong halaga para sa mga pampamahalaan.

*A. Line Budget*
*B. Performance Budget*
*C. Triangle Budgett*
*D. Square Badget*

## ARALIN 1
## ANG BADYET NG AT ANG PINAGKUKUNAN NITO



Narinig mo na ba ang kasabihang ito? “Sa panahon ng kagipitan. . . . maghigpit ng sinturon.” O ‘di kaya naman ay ito; “Kapag maikli ang kumot. . . . matutong mamaluktot.” Ito ang mga katagang madalas nating marinig kapag mayroon tayong kakapusan sa ating ***badyet*** o salaping panlaan sa mga pangangailangan. Paano ba ginagastos ng iyong mga magulang ang salaping na kanilang kinikita sa paghahanapbuhay? Anu-ano ang kanilang pinaglalaanan?



Pagkatapos ng araling ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Makapagbibigay ng sariling pakahulugan ng badyet;
2. Matutukoy ang mga pinagkukunan ng badyet ng pamahalaan; at
3. Maiisa-isa ang mga iba’t ibang uri ng buwis.




**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Magsagawa ng isang panayam sa iyong mga magulang at alamin ang mga sumusunod na datos:

1. Magkano ang buwanang sahod o suweldo ng iyong Tatay o Nanay? Magkano naman ang kabuuan kung sakaling ang parehong magulang mo ay naghahanapbuhay?
2. Anu-ano ang mga pinaglalaanan nilang mga bayarin tuwing katapusan ng buwan? Magkano ang halaga ng bawat pinaglalaanang bayarin?
3. Alamin ang porsyento ng bawat pinaglalaanang bayarin ng iyong mga magulang. Alin sa mga bayarin ang may pinakamalaki o pinakamaliit na porsyento ng salaping pinaglalaanan ng iyong mga magulang?

| LISTAHAN NG MGA BUWANANG PINAGLALAANAN NG AKING PAMILYA | | | |
|---|---|---|---|
| **BUWANANG SAHOD NI TATAY/NANAY O PAREHO** | **MGA GASTUSIN** | **HALAGA** | **PORSYENTO** |
| | | | |
| | | | |

**Ang Pambansang Badyet ng Pilipinas**




Batay sa pag-uusap ng mag-ina, ano ang dahilan kung bakit hindi pa maaaring ibigay ng nanay ang kagustuhan ng kanyang anak? Tama! Ito ay dahil sa wala sa badyet ng pamilya ang plano ng kanyang anak. Ngunit ano ba ang badyet? Bakit importante na ang mga gastusin ng pamilya ay naaayon sa itinakda nilang badyet?

**Ang Badyet ng Pamahalaan**

Ang maayos na paggasta ng pamahalaan ng pondong pampubliko ay dapat na naipaplano upang maiwasan ang kakulangan sa salapi. Ito ang tinatawag na ***badyet*** o paglalahad ng inaasahang kita at paggugugulan ng pamahalaan sa takdang panahon. Ang pamamahala ng isang bagay (maaaring pera, gamit, oras, atbp.) ay kinakailangang maging maayos upang maging sapat sa nakatakdang pangangailangan. Sinisikap ng pamahalaang magkaroon ng balanseng badyet o halos pantay kita at gastos. Kapag lumabis ang gastos sa kita ng pamahalaan, nagiging nmalaki ang kakulangan at naaapektuhan ang katatagan ng pamahalaan. Ito ay tinatawag na **depisit sa badyet o *budget deficit.***

Tulad ng pamilya, ang pamahalaan ay may mga iba't iba ring pangangailangan na dapat paglaanan ng matalinong pagbabadyet. Ngunit bago natin isa-isahin ang nga gastusin ng pamahalaan, alamin muna natin kung saan kinukuha ng pamahalaan ang  salaping inilalaan sa mga pangangailangan nito.

Isa sa mga salik upang maging maayos ang pagpapatakbo ng pamahalaan ay ang pagkakaroon nito ng sapat na pondo. Walang pamahalaang makapaglilingkod sa mga mamamayan kung wala itong salaping gugugulin. Ang malaking bahagi ng pondong salapi ng pamahalaan ay nagmumula sa mga mamamayan sa pamamagitan ng buwis na ibinabayad nila.

Pangunahing pinagkukunan ng kita ng pamahalaan ang ***buwis***.  Buwis ang ang tawag sa perang kontribusyon ng mga mamamayan para sa pamahalaan. Layunin ng pagbubuwis ang; (a) tustusan ang mga gastusing pampubliko, kasama na dito ang pagmentina ng operasyon ng pamahalaan; at (b) ang paglikha ng mga gawaing makaaapekto sa paggalaw ng mga pribadong negosyo, kasama na dito ang dayuhang pamumuhunan. Ang pagbubuwis ay gumaganap ng isang importanteng papel sa redistribusyon ng kita, ito ay dahil sa ang mga buwis na nakokolekta ay siyang ginasamit sa pagbibigay ng panlipunang serbisyo lalung-lalo na sa mga mahihirap.

Ang kagawaran ng Rentas Internas o *Bureau of Internal Revenue* ang institusyon ng pamahalaan na nangangasiwa sa paniningil ng taunang buwis sa mga mamamayan.

Ang iba't ibang klasipikasyon ng buwis ay ang mga sumusunod:

1. **Batay sa paksa ng buwis**
    a) Personal (*Personal Tax*) – direktang ibinabawas sa sahod ng mga manggagawa.
    b) Buwis sa Ari-arian (*PropertyTax*) – buwis na binabayaran ng mga mamamayan para sa kanilang mga ari-arian tulad ng; lupa, bahay ay iba pa.
    c) Buwis sa Produkto at Serbisyo (*Excise Tax*) – buwis na binabayaran ng mga mamamayan para sa pagkonsumo ng mga iba't ibang produkto (halimbawa: pagkain, mga gamit, atbp.) at serbisyo (hal: buwis sa abogado, restawran, atbp.).
2. **Ayon sa kung sino ang magdadala ng bigat ng buwis**
    a) Direkta – tuwirang ibinabawas sa kita ng mamamayan
    b) Di-direkta – di-tuwirang binabayaran ng mamamayan o buwis na ipinapasa sa mamamayan ng mga gumagawa ng produkto.
3. **Ayon sa determinasyon ng halaga**
    a) Ispesipiko (Specific Tax) – pantay na buwis na ipinapataw sa mga produkto o serbisyo na di alintana ang dami, halaga, o klasipikasyon nito.
    b) *Ad Valorem tax* o buwis ayon sa halaga ng bagay – buwis na ipinapataw sa mga produkto o serbisyo batay sa halaga nito.
4. **Ayon sa kadahilanan**
    a) Pangkalahatan – buwis na pinapataw sa lahat ng mamamayan
    b) Espesyal – buwis na ipinapataw sa mga pili o espesipikong tao o grupo ng mga tao
5. **Ayon sa sakop**
    a) Nasyonal – buwis na lahat ng mamamayan ay apektado
    b) Lokal – buwis na ang apektado lamang ay ang mga mamamayan sa partikular na probinsya, siyudad, o munisipalidad.

**Klasipikasyon ng Sistema ng Pagbubuwis**

1. Progresibo – Mas mataas kita ng isang tao, mas mataas ang buwis niya.
2. Proporsyunal – Ang buwis na sinisingil ay parehas at hindi naaapektuhan ang taas ng kita
3. Regresibo – Mas mataas ang kita, mas mababa ang buwis.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Uriin ang mga sumusunod na larawan ayon sa paraan ng pagpapataw ng buwis nito.:



______________________________



______________________________



______________________________



______________________________



______________________________



______________________________



______________________________



**Tandaan Mo!**

- Ang badyet ay ang paglalahad ng inaasahang kita at paggugugulan ng pamahalaan sa takdang panahon.
- Ang buwis ang pangunahing pinagkukunan ng kita ng pamahalaan.
- Ang Kagawaran ng Rentas Internas o Bureau of Internal Revenue (BIR) ang pangunahing institusyon ng pamahalaan na nagangasiwa sa paniningil ng buwis sa mamamayan.



**Gawain 3: Paglalapat**

Pag-aralan mo ang sitwasyon at sagutan ang mga taong:

Mga Tanong:

1. Kung ikaw ay bibigyan ng halagang isang libong piso (Php. 1,000), anu-ano ang mga bagay na paglalaanan mo ng halagang ito? Gumawa ng listahan ng mga bagay na paglalaanan mo ng halagang isang libong piso.
2. Ano ang bagay na una mong paglalaanan ng halaga? Ano ang huli? Bakit ito ang iyong mga anuna o hinuli?
3. Sa iyong palagay, tama ba ang mga bagay na iyong inilista?

**ARALIN 2**

**ANG PROSESO NG PAMPUBLIKONG PAGBABADYET**




Pagkatapos nating matutuhan ang iba't ibang pinagkukunan ng kita ng pamahalaan, atin naming tatalakayin ang mga iba't ibang pinaglalaanan ng mga gastusin ng pamahalaan. Ang isang bansang tulad ng Pilipinas ay may maliit na kita lamang ang pamahalaan. Kayat kailangan ang maayos, malinaw at masinop na paglalaan ng pera sa bawat gastusin.

Inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod pagkatapos ng araling ito:

1. Maipaliliwanag ang proseso ng pagbabadyet ng pamahalaan ng Pilipinas; at
2. Matutukoy ang iba't ibang uri ng pagbabadyet ng pamahalaan.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Halimbawang ang pera ng iyong pamilya ay nakalaan na sa bawat gastusin sa bahay, nang biglang nagkaroon ng pagtaas ng mga presyo ng bilihin sa pamilihan. Isa sa mga pinaglaanan na ng badyet ng iyong nanay ay ang iyong bagong sapatos, bisikleta, at mga kagamitan sa paaralan. Papayag ka ba na ipagpaliban muna ang pagbili ng mga nabanggit na bagay upang idagdag sa pagkain ng pamilya? Ipaliwanag ang iyong sagot. Alin sa mga nabanggit na bagay ang iyong ipagpapalibang bilhin? Bakit?


**Ang Proseso Ng Pagbabadyet**

Dalawa ang uri ng badyet: ***line item budget*** *at* ***performance budget****.*Ang una ay nagpapahayag ng mga aytem na pinagkakagastahan. Bawat posisyon sa pamahalaan, kasama ang kaukulang sahod, ay nasa badyet na ito. Samantala, ang *performance budget* ay naglalaan ng buong halaga para sa bawat gawaing pampamahalaan.

Ang Kagawaran ng Pagbabadyet ang siyang gumagawa ng pambansang badyet. Bawat pinuno ng kagawaran ng pamahalaan ay dapat magharap sa Komisyon ng hinihiling na lahat ng halaga para sa mga itinakdang gawain o proyekto sa buong taon. Dito ibinabatay ng Komisyon ang pambansang badyet. Pagkatapos ay inihaharap ang badyet sa Pangulo ng Pilipinas. Ang Pangulo ang maghaharap ng badyet sa Kongreso sa loob ng 15 araw sa simula ng sesyong regular na ito. Ang Kongreso ang gumagawa ng panukalang batas sa laang-gugulin para sa takdang taon. Ang pagpapatibay ng pambansang badyet ay tulad ng sa iba pang panukalang batas. Alamin natin ang proseso ng pagbabadyet ng mga gastusin ng pamahalaan sa pamamagitan ng pag-aaral ng badyet tsart sa ibaba:

**Ang Proseso Ng Badyet**

(Budget Cycle)




**Unang Hakbang:**

Malinaw bas a tsar tang unang hakbang? Ang mga sangay ng pamahalaan ay magpapasa ng kanilang panukalang badyet sa bawat sangay na kanilang kinabibilangan. Ang mga panukalang badyet ng mga sangay ng pamahalaan ay pagsasama-samahin upang mabuo ang pambansang panukalang badyet o ang tinawag na ***general appropriation***.

**Ikalawang Hakbang:**

Ano naman ang ikalawang hakbang sa ating tsart? Ang Kongreso ay siyang mag-iimbestiga at magsusuri ng mga panukalang badyet ng mga sangay ng pamahalaan sa pamamagitan ng pagdinig nito (***budget hearings***). Sa ganitong paraan, masusuri ng Kongreso kung ang mga pinaglalaanan ng mga sangay ng pamahalaan ay talagang mahalaga o hindi upang maiwasan ang paglalaan ng labis na pondo badyet sa mga hindi importanteng proyekto.

Matapos ito, ang Kongreso ay magpapasa ng panukalang batas para sa pag-apruba ng panukalang pambansang badyet o *General Appropriations Act* (GAA). Pagbobotohan ng mga miyembro ng Kongreso kung sila ay sang-ayon o hindi sang-ayon sa panukalang batas. Sakaling hindi maaprubahan ang


panukalang badyet para sa taong pinaglaanan, ang aprubadong panukalang batas sa pambansang badyet noong nakaraang taon ang siyang ipatutupad.

**Ikatlong Hakbang:**

Kapag nakapasa sa Kongreso ang panukalang batas, ito ay babalik sa sangay ng pagbabadyet upang mabigyan ng kaukulang paglalaan ang mga sangay ng pamahalaan (*budget appropriations*) ayon sa kanilang aprubadong badyet.

**Ikaapat na Hakbang:**

Matapos ilaan at gastusin ang badyet ayon sa mga proyekto ng mga sangay ng pamahalaan, ito ay dadaan sa masusing pagtatama at pagrebisa ng COA upang matiyak kung ang inilaang badyet ay talagang ginamit sa mga nakatakdang proyekto ng bawat sangay ng pamahalaan.




**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Panuto: Punan ang patlang ng tamang sagot ayon sa proseso ng pagbabadyet ng Pilipinas. Pagkatapos ay istek mo ang iyong sagot sa tsart sa pahina 13.

**ANG PROSESO NG BADYET**

(Budget Cycle)



**Tandaan Mo!**



- Ang Kagawaran ng Pagbabadyet ang pangunahing ahensya ng pamahalaan na nangangasiwa ng paglalaan ng mga kaukulang badyet sa iba't ibang ahensya ng pamahalaan
- Ang ***line item budget*** ay nagpapahayag ng mga aytem na pinagkakagastahan ng pamahalaan. Bawat posisyon sa pamahalaan kasama ang kaukulang sahod ay nasa badyet na ito.
- Ang ***performance budget*** ay naglalaan ng buong halaga para sa bawat proyekto o gawaing pampamahalaan.
- .Ang pambansang badyet, sa pamamagitan ng isang panukalang batas ng Kongreso, ay ipinapasa sa isang regular na sesyon nito.
- Ang hindi pagpapasa ng panukalang batas sa pambansang badyet ay nangangahulugang hindi ito maaaring gamitin at ang nakaraang pambansang badyet na na-aprubahan ng Kongreso ang siyang magiging epektibo.



**Gawain 3: Paglalapat**


Magsawa ng isang panayam sa inyong barangay at alamin ang iba't ibang gastusin na pinaglalaanan ng konseho ng barangay. Ano ang kanilang basehan sa mga prioridad at di gaanong prioridad na gastusin ng barangay? May pagkakapareho ba ang mga gastusin ng barangay sa mga gastusin sa inyong pamilya? Anu-ano ang mga ito?

## ARALIN 3

## ANG BALANGKAS NG BADYET NG PILIPINAS



Sa bahagi ng pag-aaral nating ito ay bibigyang pansin naman natin ang pagkakabalangkas ng badyet ng Pilipinas. Aalamin natin ang mga prioridad at di-gaanong prioridad na pinag-uukulang ng badyet ng pamahalaan.



Inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod pagkatapos ng araling ito:

1. Maiisa-isa ang mga pinagkakagastahan ng pamahalaan; at
2. Matutukoy ang mga ahensya na binibigyang prioridad sa pagbabalangkas ng pambansang badyet.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Halimbawang nagkaroon ng dagdag na kita ang iyong pamilya dahil sa pagtaas sa posisyon ng iyong ama o ina, ano ang mga mga bagay na idadagdag mo sa mga paglalaanan ng karagdagang kita ng pamilya? Magbigay ng hanggang limang bagay at ipaliwanag ang dahilan kung bakit ito isasama sa paglalaanan ng badyet ng iyong pamilya.

### Ang Balangkas ng  Badyet ng Pilipinas


Ang Kagawaran ng Pagbabadyet ang naglalaan ng kaukulang halaga na gugugulin ng bawat kagawaran ng pamahalaan. Ito ay inilalabas apat na beses sa isang taon. Pagkatapos mabigyan ng pamahalaan ang kagawaran ng awtorisasyong maglabas ng pondo, kailangan aprubahan ng Awditor-Heneral ang paggagamitan ng pondo. Siya ang susuri at magtatakda ng pagkakagastahan nang naaayon sa batas. Lahat ng pinagbayaran ng pondong pampubliko ay dapat na maawdit. Ang prinsipyong ito ay siyang sinusunod ng pamahalaang nasyonalat mga pamahalaang lokal.

Ang paggugol ng pamahalaan ay nakasalalay sa pagkakaroon ng sapat na pondo. Ang kasapatan ng pananalapi ay nakasalalay naman sa kontribusyon o buwis na manggagaling sa mga mamamayan.

Pangunahing layunin ng pamahalaan ang maglingkod sa mga mamamayan at pangalagaan ang kanilang kapakanan. Ang pondong inilalaan ng bansa ay nararapat lamang na gugulin para sa mas ikabubuti ng kalagayang panlipunan ng mga mamamayan. Ayon sa Kagawaran ng Paggbabadyet, nahahati sa apat ang malaking pinaglalaanan ng pamahalaan. Ito ay ang mga sumusunod (Ang mga datos ay nasa libong piso):

***OBLIGATION BY GENERAL OVERHEAD FY 2003 (In thousand pesos)***

| **MGA PINAGLALAANAN NG PAMAHALAAN** | **TAON 2003** | **PORSYENTO %** |
|---|---|---|
| **1. MGA PROGRAMA** | **307,148,837** | **37.8** |
| **2. MGA PROYEKTO** | **268,116,163** | **33.1** |
| **3. MGA NETO NG UTANG** | **5,500,000** | **.7** |
| **4. PAMBAYAD SA INTERES** | **230,697,000** | **28.4** |
| **TOTAL** | **811,462,000** | **100.0** |




**Pinanggalingan: Kagawaran ng Badyet (DBM)**

Makikita sa tsart na ang may pinakamalaking bahagi ng pinaglalanang badyet ng Pilipinas ay ang mga programa ng pamahalaan na may tatlumpu't walong bahagdan 38% ng kabuuang badyet. Ipinapakita lamang nito na nais ng pamahalaan na binibigyang prioridad nito ang mga nakatakdang programa ng pamahalaan upang itaas ang antas ng pamumuhay ng mga mamamayan. Sinusundan ito ng mga proyektong isinasagawa ng pamahalaan upang mapagalaw ang ating ekonomiya. Kasama dito ang proyektong nag-iimbita sa mga mamumuhunan na magtayo ng kanilang negosyo dito sa Pilipinas upang makalikha ng sapat at maraming trabaho para sa mga mamamayang Pilipino.

Mapapansing tatlumpu't tatlong bahagdan (33%) ng kabuuang badyet ng bansa ang inilaan para sa ganitong mga proyekto.


Ikatlo sa tsart ang pondong nakalaan para sa pagbabayad natin ng interes sa mga pinagkakautangan nating bansa na bumubuo lamang ng 1%. Ipinakikita lamang dito na maaaring hindi sapat ang mga kinita ng pamahalaan sa mga buwis na kinolekta sa mga mamamayan at upang maisakatuparan ang mga program at proyekto nito, ang pamahalaan ay nangungutang sa mga institusyon ng pagpapautang tulad ng *World Bank*, *International Monetary Fund*, at mga lokal na bangko na handang magpautang sa pamahalaan.

Ikaapat na bahagi ng tsart ay ang pambayad sa interes ng mga salaping hiniram ng pamahalaan. Kapag humihiram ng salapi ang pamahalaan, ito ay may babyarang interes. Ganyan din kapag nagigipit ang pamilya. Minsan ay nagsasangla ang mga magulang natin ng mga gamit tulad ng alahas, relo, at iba pa. Karaniwan nang pinapatungan ng interes ang mga salaping hiniram upang magkaroon ng kita ang tumatanggap ng mga isinasanglang bagay.

Tunghayan naman natin ang pagkakabahagi ng badyet para sa mga iba't ibang sangay ng pamahalaan:

| **MGA KAGAWARAN** | **PORSYENTO SA BADYET** |
|---|---|
| **Edukasyon** | **13** |
| **Mga Lansangan at Pampublikong Paggawa** | **6.4** |
| **Panloob at Lokal na Pamahalaan** | **5.5** |
| **Tanggulang Pambansa** | **5.3** |
| **Kalusugan** | **1.4** |
| **Transportasyon at Komunikasyon** | **1.2** |
| **Kapaligiran at Likas na Yaman** | **.8** |
| **Pananalapi** | **.8** |
| **Empleo at Paggawa** | **.5** |
| **Katarungan** | **.6** |
| **Ugnayang Panlabas** | **.5** |
| **Agrikultura** | **.4** |
| **Syensya at Teknolohiya** | **.3** |
| **Kalakal at Industriya** | **.2** |

Ipinakikita sa tsart ang balangkas ng badyet ng Pilipinas batay sa pagkakahati nito sa mga sangay ng pamahalaan. Pansinin mo ang bawat isa. Anong sangay ang may pinakamalaking bahagdan ng badyet? Anong sangay ang may pinakamaliit ng bahagdan na badyet? Makikita sa tsart na ang Kagawaran ng Edukasyon ang may pinakamalaking nakalaang badyet sa lahat ng sangay. Ito ay sa dahilang binibigyan ng ibayong pansin ng pamahalaan ang edukasyon dahil naniniwala ang pamahalaan na kailangan ng malusog na kaisipan upang maabot ng bansa ang kaunlaran. Sumusunod ang Kagawaran ng Lansangan at Pampublikong Paggawa. Ito ay dahil sa kinakailangang magkaroon ng maayos at mabilis na daloy ng mga produkto at serbisyo mula sa mga pinanggagalingan nito patungo sa pamilihan nang sa gayon ay maiwasan ang pagkabulok o pagkasira ng mga produkto. Prioridad din ng pamahalaan ang agrikultura. Ito ay dahil sa kinakailangan ng mga mamamayan ang sapat na nuntrisyon upang magampan nila ang mga responsibilidad at gawain sa araw-araw. Naniniwala ang pamahalaan na ang pagkakaroon ng malusog na mamamayan ay isang paraan upang magkaroon ng malusog na ekonomiya.



**Gawain 2: Pagpapalalim Ng Kaalaman**

Muli mong tunghayan ang tsart ng Balangkas ng Pambansang Badyet ng Pilipinas sa pahina 19. Sa iyong palagay, sapat ba ang mga halaga ng inilalaang badyet ng pamahalaan sa bawat sangay nito? Pansinin ang bahagi ng porsyento na inilalaan para sa pagbabayad ng interes at mga neto sa utang. Tinatayang halos kalahati ng ating pambansang badyet ang inilalaan para dito. Sa iyong palagay, ano ang maaaring maging epekto nito sa mga ibang pinaglalaanan ng badyet? Ipaliwanag ang iyong mga sagot.



**Tandaan Mo!**

- Ang kabuhayan gumugol ng pamahalaan para sa mga proyekto at serbisyong publiko ay nababatay sa pagkakaroon ng sapat na pondo o badyet ng pamahalaan,
- Ang panukalang badyet at ang mga halaga nito ay hindi nangangahulugan na ito ay ang pamahalaan may sapat na halagang maaari nang gastisin kaagad. na kaagad. Ito ay perang inilalaan lamang sakaling makakalap ng sapat na halaga ang pamahalaan sa pamamagitan ng pangongolekta nito ng buwis sa mga mamamayan at mga industriya. Kung hindi sapat ang mga buwis, nangungutang ang pamahalaan sa mga institusyong pinansyal na nagpapautang
- Binibigyang priorodad ng pamahalaan ang edukasyon, imprastraktura, at agrikultura sa paglalaan ng badyet dahil ito ang mga daan upang maabot ang minimithing kaunlaran.



**Gawain 3: Paglalapat**

Ipagpalagay mo na nagkaroon ka ng pagkakataon ngayon ng maging pangulo ng Pilipinas atkasama sa kapangyarihan mo bilang pinuno ng bansa ang mangasiwa ng paglalaan ng badyet ng Pilipinas, ilista mo ang mga bibigyan mo ng prioridad sa paglalaanan ng sapat na halaga ng pamahalaan at bigyang paliwanag ang mga ito.